International Theatre Institute ITI
World Organization for the Performing Arts

World Theatre Day 2014
Brett Bailey's Message

Saan man may lipunan ng mga tao, masasalamin ang napakasiglang Espiritu ng Pagtatanghal.

Sa lilim ng punongkahoy sa mga liblib na kanayunan, o sa makabagong entablado sa global na metropolis, sa mga silid-aralan, at sa mga bukirin at sa mga templo; sa pugad ng mga maralita, sa plaza ng mga siyudad, sa pusod ng mga komunidad at pook-lungsod ng mga dukha, ang mga tao ay nagsasama-sama upang nagkakaisang linawin sa mahiwagang mundo ng tanghalan na ating nilikha na ihayag ang kompleksidad ng tao, ang pagkakaiba-iba, ang mga kahinaanan, sa pamamagitan ng hininga at tinig ng mga actor.

Nagsasama-sama tayo upang patighawin ang hinaing sa kalooban habang may ginugunita; upang tumawa at magnilay-nilay; upang matuto, manindigan at mangarap. Upang mamangha sa mga pambihirang dunong-teknikal, at pagkatawaning-diyos ang mga tao, upang bihagin sa ating nagkakaisang hininga ang ating kakayahan sa kagandahan at pagmamalasakitan pati na ang ating pagka-halimaw. Tayo ay dumadalo upang makahugot ng lakas at kapangyarihan, na ipagdiwang ang yaman ng iba't ibang kultura, at lansagin ang mga pader na humahati sa atin.

Saan man may lipunan ng mga tao, masasalamin ang napakasiglang Diwa ng Pagtatanghal. Isinilang ng komunidad, nagmamaskara at nagdadamit ng ating iba't ibang tradisyon, pinamumulaklak ang ating wika sa indayog at galaw, at nililinis ang espasyo sa kalagitnaan natin.

At tayo, na mga alagad ng sining na nagtatrabaho kasama ng sinaunang espiritung-diwa, ay nakakaramdam ng tungkuling padaluyin ito, sa paraan ng ating puso, sa ating kaisipan at katawan upang ibunyag ang mga katotohanan sa lahat ng taglay na kamunduhan at kumikinang na hiwaga.

Subalit sa panahong ito na milyun-milyon ang nakikibaka upang mabuhay, sa ilalim ng mapang-aping rehimen at mapanilang kapitalismo, at tumatakas sa giyera at kahirapan, at ang pribadong buhay ay napapakialaman ng mga lihim na espiya, at ang ating mga salita ay sinasala ng mapanghimasok na gobyerno, at ang mga gubat ay naglalaho, may mga species na nauubos na, at ang mga karagatan ay nalalason, ano ang ating nararamdaman na tungkuling dapat ibunyag?

Sa mundong ito na hindi pantay-pantay ang kapangyarihan, at ang naghaharing-uri ay nagsisikap na paniwalain tayo sa iisang bansa, iisang lahi, iisang kasarian, iisang preperensiyang seksuwal, iisang relihiyon, iisang ideolohiya, iisang kultural na gabay sa paggawa na mas superyor kaysa iba, tutoo pa ba na kayang ipagtanggol at igiit na ang sining ay hindi dapat mapakialaman ng sinuman may ibang agenda sa lipunan?

Tayo ba, na mga alagad ng sining sa iba't ibang arena at entablado, ay pumapayag sa sinasala na hinihingi ng panahon; o pagbibigkisin natin ang ating lakas upang palawakin ang isang espasyo sa mga puso at mga kaisipan ng lipunan, pagbuklurin natin ang mga tao sa ating paligid, upang pasiglahin, mangarap at mapaliwanagan at makalikha ng isang mundo ng pag-asa at bukas-pusong pagtutulungan?

Translation: Jose Laderas Santos